

# PAGHAHANDA SA PATAY

INIHANDA NI:

**SHAIKH ABDUL-AZIZ BIN AHMAD AL-UMAIR**

HUWES SA MATAAS NA HUKUMAN NG QATIF

Isinalin ni:

**Saminodin Manshawie**

Ayon kay Abí Ráfi' ﷺ ang Sugo ni Alláh ﷻ ay nagsabi: *"Sinuman ang maghugas ng bangkay ng isang Muslim at inilhim ang mga nakitang hindi kanais-nais sa bangkay, siya ay patatawarin ni Allah ﷻ nang apatnapung ulit."*

Sa isang pagsasalaysay: *"Siya'y magiging dalisay mula sa kanyang mga kasalanan katulad ng pagkadalisay niya noong araw na siya'y ipanganak ng kanyang ina."*

At sa isang pagsasalaysay na ang pagkabigkas: *"At sinuman ang magbalot ng bangkay ng isang Muslim, ay dadamitan siya ni Alláh sa Araw ng Paghuhukom ng malasedang damit na mula sa Paraiso, at sinuman ang maghukay ng libingan para sa bangkay ng isang Muslim at inilibing niya rito, bibigyan siya ni Alláh ng gantimpalang katumbas ng gantimpala na makukuha sa isang buong bahay na ibinigay para tirahan ng isang tao hanggang sa araw ng paghuhukom".*

PAUNANG SALITA NG TAGAPAGSALING-WIKA

Purihin at pasalamat natin si Alláh ﷻ ang Panginoon ng lahat ng nilikha, nawa'y ang pinakamainam na pagpapala at pinakaganap na kapayapaan ay matamo ni Propeta Muhammad, ang kahuli-hulihang Propeta at Sugo na ipinadala para sa sangkatauhan.

Ang alituntuning paghahanda sa bangkay ng isang Muslim ay napakahalagang paksa sa Islam na kailangang malaman at maunawaan ng lahat ng Muslim, kaya't pinagsikapang maisalin ito sa wikang Tagalog mula sa wikang Arabe na ang tanging hangarin ay upang makamit ang dakilang gantimpala at habag ni Alláh ﷻ. Nawa'y gawin Niya itong kapaki-pakinabang at lubos na para lamang sa Kanya, Ameen....

At ako rin ay nagpapasalamat sa lahat ng tumulong upang ang maliit na aklat na ito ay malimbag, gantimpalaan nawa silang lahat ni Alláh.

Saminodin P. Manshawie  
Shawwal 21, 1427H - November 13, 2006 CE

PAGHAHANDA SA PATAY

Ang lahat ng papuri ay ukol lamang kay Alláh na nag-iisa, at nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay matamo ni Propeta Muhammad, ang kahuli-hulihang propeta na wala ng susunod sa kanya. Ang mga sumusunod:

Tunay na ang kamatayan ay itinakdang batas at itinalang tadhana sa lahat ng nilikha, tulad ng sinabi ni Alláh ﷻ:

ل إِنَّكَ مَيِّتٌ وَإِنَّهُمْ مَّيِّتُونَ ﴿٣٠﴾ M  
(الزمر: ٣٠)

*"Tunay na ikaw (O Muhammad) ay mamatay at tunay na sila ay mamatay". (Al-Zumar:39:30)*

Yayamang ang kaluluwa ng isang Muslim ay marangal at dakila para kay Alláh ﷻ dumating ang batas ng Islam upang ipaliwanag ang mga karapatan at mga kinakailangang gawin sa kanyang bangkay, pagkatapos humiwalay ng kaluluwa mula sa katawan.

Dahil sa pangangailangan ng mga tao na malaman ang mga karapatang ito, hiniling sa akin ng mga kapatid sa Al-Ahsa Islamic Center, na sumulat para sa kanila ng isang maikling aklat na sasaklaw sa mga mahahalagang alituntunin tungkol sa mga gawaing paglilibing, simula sa pagbaba ng anghel ng kamatayan upang kunin ang kaluluwa ng tao hanggang sa paglilibing at pagtabon ng lupa, at iyon ay aking sinadyang tugunan sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga alituntunin nito sa Islam, sa maikling pagpapaliwanag ng mga pangunahing saligan nito at hindi na magbabanggit ng mga basihan sapagka't iyan ay sinipi mula sa mahahabang aklat ng mga pantas sa Islam.

## PAGHAHAHDA SA PATAY

Kapatid kong Muslim, ang mga paliwanag ng mga iyan ay ang mga sumusunod.

KAPAG BUMABA SA TAO ANG ANGHEL NG KAMATAYAN UPANG KUNIN ANG KANYANG KALULUWA, KAAYA-AYANG GAWIN NG SINUMANG TAO NA NASA TABI NIYA ANG MGA SUMUSUNOD:

1. Basain ng tubig ang lalamunan ng taong naghihingalo o ano mang inumin at pahiran ang mga labi ng basang bulak o ibang tulad nito.
2. Ipabigkas sa kanya ang "LÁ-ILÁHA IL-LALLÁH". Sapat na ang isang beses kung ito ay nabigkas niya nang tama at ang pagpapabigkas nito ay mahinahon at paulit-ulit.
3. Iharap siya sa Qiblah patagilid sa kanan at iangat ng kaunti ang kanyang ulo upang maging matuwid ang kanyang mukha sa Qiblah.

**KAPAG NAWALAN NA NG BUHAY, SUNNAH NA GAWIN ANG MGA SUMUSUNOD:**

1. Ipikit ang kanyang mga mata habang sinasabi ang:

(( بِسْمِ اللّٰهِ وَعَلَى سُنَّةِ رَسُوْلِ اللّٰهِ صَلَّى اللّٰهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ ))

"BISMILLÁHI WA-ALÁ SUNNATI RASÚLILLÁH, SAL-LALLÁHU ALAYHI WASAL-LAM".

(Sa ngalan ni Allah, at ayon sa Sunnah ng Sugo ni Alláh, nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasakanya)

2. Isara ang kanyang bibig sa pamamagitan ng malapad na tela, itatali ito sa ibabaw ng kanyang ulo upang hindi manatiling nakabuka ang kanyang bibig at hindi mapasukan ng anumang peste.

3. Igalaw ang mga kasukasuan upang maging madali ang paliligo sa kanya.

## PAGHAHANDA SA PATAY

4. Lagyan ng mabigat na bagay ang kanya tiyan upang hindi mamintog.

5. Madaliin ang paghahanda sa kanya, pagsasakatuparan ng kanyang habilin at pagbabayad ng kanyang utang.

## PAGHAHANDA SA PATAY

### A. PALILIGO SA PATAY:

1. Ang mas mainam ay pumili ng taong magpapaligo sa patay, isang mapagkakatiwalaan at maalam sa mga alituntunin ng paliligo.

2. Maghanda ng tubig na malinis, hindi galing sa masama at katamtaman ang init.

3. Tanggalin ang damit ng bangkay at kailangang takpan ang kanyang Awrah<sup>1</sup>, ito ang pagitan ng kanyang pusod at tuhod para sa sinumang umabot ng

---

<sup>1</sup> Bahaging katawan ng tao na hindi dapat ipakita sa iba.



sampung taong gulang, at ang batang nasa pitong taon hanggang bago magsampung taong gulang ay maselang bahagi ng katawan lamang ang Awrah, at ang wala pa sa pitong taong gulang ay walang Awrah.

4. langat nang dahan-dahan ang kanyang ulo hanggang sa halos siya'y makaupo at habang nakaalalay sa kanya ay dahan-dahang diinang pababa ang kanyang tiyan upang mailabas ang mga nanatiling dumi.

5. At paramihin ang pagbuhos ng tubig sa tiyan at gumamit ng Bukhur<sup>2</sup> upang mapigilan ang anumang masamang amoy.

6. At pagkatapos nito ay magbigkis ng anumang uri ng panglinis sa kamay upang linisin ang maselang bahagi ng kanyang katawan at ganoon din ang ibang bahaging nadumihan.

7. Isapuso ang layunin sa pagpapaligo ng patay sapagka't ito'y paglilinis na pagsamba kay Allah ﷻ.

---

<sup>2</sup> Isang uri ng halamang mabango na pinapausok..

8. Pagkatapos ay sambitin ang "BISMILLÁH". Ito'y dapat bigkasin at kung makalimutan ay hindi na kailangang ulitin.

9. Hugasan ang kanyang mga kamay nang tatlong beses at pagkatapos ay isagawa sa kanya ang kompletong pamamaraan ng Wudú at iwasang mapasukan ng tubig ang kanyang bibig o ilong. Magbigkis ng basang tela sa hinlalaki at hintuturo at ipahid sa kanyang mga labi at sa kanyang mga ngipin, sa dalawang butas ng ilong bilang kapalit ng pagmumumog at pagsinghot ng tubig sa pagsasagawa ng Wudú.

10. Ihalo ang halamang Sidr<sup>3</sup> sa tubig, pagkatapos ay kumuha sa mga bula nito at ihugas sa ulo at balbas ng bangkay, pagkatapos ay buhusan ang kanang-bahagi ng kanyang katawan at pagkatapos ay sa kaliwang-bahagi naman at pagkatapos ay buhusan ng tubig ang buong katawan at ulit-ulitin ito nang tatlong beses.

---

<sup>3</sup> Lotus.

11. At kung may lumabas na dumi mula sa bangkay pagkatapos nang tatlong beses na paliligo sa kanya ay kailangang ulitin muli sa kanya ang pagsasagawa ng Wudu.
12. Kung hindi naging malinis ang paliligo sa bangkay nang tatlong beses, ay ulitin ito hanggang sa umabot nang pitong beses.
13. Mainam sa ikahuling bahagi ng paliligo sa bangkay na gumamit ng Alkampur at Sidr at iiwas riyang namatay na Muhrim (nasa kasalukuyang Umrah o Hajj).
14. Sunnah para sa babaing namatay na gawing tirintas ang kanyang buhok na nasa tatlong bigkis.
15. Maaaring bawasan ang bigote ng bangkay at gupitan ang kanyang kuko kung ito ay mahaba at ganoon din ang buhok sa kilikili at isama ang mga ito sa kanyang libingan<sup>4</sup>.

---

<sup>4</sup> Ibalot ito at ilibing kasama ng bangkay, ito'y katulad din ng ibang bahagi ng katawan ng tao, kapag nahiwalay sa tao ay kailangang ilibing kasama ng bangkay.

**B. ANG PAGBABALOT SA PATAY:**

1. Sunnah para sa namatay na lalaki na siya'y ibalot sa tatlong pirasong mapuputing tela na yari sa bulak, at para sa babae naman ay mainam kung ibalot siya sa limang pirasong mapuputing tela, at ito ay ang telang pantapis sa baywang, pambelo, damit pang-itaas at dalawang pirasong tela na pambalot.
2. Pausukan ng Bukhur ang mga tela pagkatapos nitong mapisikan ng katas ng rosas o di-kaya'y tulad nito upang kumapit ang mabangong amoy ng Bukhur.
3. Ilatag ang mga pambalot at pagpatung-patungin ito at lagyan ng Hanut<sup>5</sup> ang bawat pagitan ng mga tela.
4. Ipatong at pahigain ang bangkay sa ibabaw ng mga telang pambalot at lagyan ng bulak na may Hanut<sup>5</sup> ang labasan ng dumi at hiqpitan ito sa pamamagitan ng mga pira-pirasong tela.

---

<sup>5</sup> Ito ang pinaghalong mga pabango na inihahanda para lamang sa patay.

<sup>5</sup> Ito'y upang mapigilan ang anumang dumi at amoy na maaaring manggaling sa bangkay pagkatapos ng paliligo sa kanya, at kung walang Hanut ay gumamit ng ibang pabango bilang kapalit nito.

5. Pasakan ng bulak na may Hanut ang bawat butas ng katawan ng patay; sa mukha, sa mga mata, sa ilong, sa mga tainga at sa bibig. At lagyan din ng Hanut ang bawat bahagi ng katawan na kanyang inilalapag sa sahig kapag nagsasagawa ng Sujud. Ang kanyang balbas, mga kamay, nuo, ilong, mga dulo ng daliri ng mga paa at ang mga tuhod, ganoon din ang mga kili-kili at pusod.

6. At pagkatapos ay ibalot ang bangkay sa mga telang pambalot, itiklop ang mga dulo ng unang tela na pinakamalapit sa katawan ng bangkay mula sa kaliwang bahagi nito patungo sa kanang bahagi at pagkatapos ay isunod ang kanang bahagi nito patungo sa kaliwang bahagi. Ganoon din ang ikalawa at ikatlong pambalot.

7. At pagkatapos ay talian ang mga pambalot at hindi na ito tatanggalin maliban kung nasa libingan na.

#### K. ANG SALAH SA PATAY:

## PAGHAHAHDA SA PATAY

1. Pagpapantayin ng Imám ang mga linya ng mga tao para sa pagsasagawa ng Salátul-Janázah<sup>6</sup>, tulad ng ginagawa niyang pagpapantay-pantay sa mga tao para sa sama-samang Saláh, pagpapantayin ang mga linya at itutuwid.
2. Tatayo ang Imám sa tapat ng ulo ng lalaki at sa gitna naman kapag sa babae.
3. Pagkatapos ay magsagawa ng apat na ulit na Takbír,<sup>7</sup> itataas ang dalawang kamay sa bawat Takbír. Basahin ang Kabanata Al-Fátihah pagkatapos ng unang Takbír at mas mainam kung magbabasa ng ibang Kabanata na mula sa Qur-an pagkatapos ng Al-Fátihah, at pagkatapos ay isagawa ang ikalawang Takbír at magbigay bati<sup>8</sup> kay Propeta Muhammad ﷺ, at pagkatapos ay isagawa ang ikatlong Takbír at manalangin para sa namatay, at pagkatapos ay isagawa ang ikaapat na Takbír at kung nais

---

<sup>6</sup> *Dasal sa patay.*

<sup>7</sup> *Sasabihin ang "ALLÁHU AKBAR".*

<sup>8</sup> *Ang pagbati ay tulad ng binabasa sa Tashah-hud.*

manalangin dito ay manalangin, kung hindi naman ay sandaling manahimik at isagawa ang Taslím<sup>9</sup> sa kanan at kung nais naman ay magsagawa rin ng Taslím sa kaliwa.

4. Ang apat na Takbir na ito ay tanyag sa pagdarasal para sa patay at ito rin ang pananaw ng karamihang pantas sa Islam, at kung sobrahan ang apat ay maaari rin, magsagawa ng Takbir na lima, anim o kaya ay pito.

5. Sinuman ang umabot sa Imám sa Salátul-Janázah at may mga bahaging hindi niya naabutan sa Saláh, magsagawa ng Takbir at pumasok sa Saláh kasama ng Imám at kapag nagsagawa ng Taslím ang Imam, ay isagawa kung ano ang hindi niya naabutan na mga Takbír katulad ng ibang mga Saláh.

6. Maaaring magsagawa ng Salátul-Janázah sa puntod pagkatapos mailibing ang bangkay<sup>10</sup>.

7. Ipinagbabawal na magsagawa ng Salátul-Janázah sa tatlong mga oras at ito ang:

---

<sup>9</sup> Sabihin "AS-SALÁMU ALAYKUM WARAH-MATULLAH".

<sup>10</sup> Para sa mga hindi nakapagdasal ng Salátul-Janázah.

- 1) Mula pagsikat ng araw hanggang sa tumaas ito na kasingtaas ng sibat, at ang unang oras nito ay kapag may lumabas na sa bahagi ng araw at patuloy hanggang sa ito ay kasingtaas na ng sibat.
- 2) Sa tanghaling-tapat hanggang sa pumanig ang araw sa kanluran.
- 3) Kapag palubog na ang araw hanggang sa maglaho na ito.

#### D. MGA DU-A' AYON KAY PROPETA MUHAMMAD ﷺ SA SALÁTUL-JANÁZAH.

١- "اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُ وَارْحَمْهُ وَعَافِهِ وَاعْفُ عَنْهُ وَأَكْرِمْ نُزُلَهُ وَوَسِّعْ مَدْخَلَهُ  
 وَاغْسِلْهُ بِالْمَاءِ وَالسَّلْبِجِ وَالْبَرْدِ وَتَقِّهِ مِنَ الْخَطَايَا كَمَا تَقْتَتِ التَّوْبَ الْأَبْيَضَ مِنَ  
 الدَّنَسِ وَأَبْدِلْهُ دَارًا خَيْرًا مِنْ دَارِهِ وَأَهْلًا خَيْرًا مِنْ أَهْلِهِ وَزَوْجًا خَيْرًا مِنْ  
 زَوْجِهِ وَأَدْخِلْهُ الْجَنَّةَ وَأَعِدْهُ مِنْ عَذَابِ الْقَبْرِ وَمِنْ عَذَابِ النَّارِ"



## PAGHAHAHDA SA PATAY

1. "ALLÁHUM-MAGFIR LAHU WAR-HAMHU, WA-ÁFIHI WA'FU-AN-HU, WA AKRIM NUZULAHU, WA WAS-SI' MUDKHALAHU, WAGSILHU BILMÁ-I WATH-THALJI WALBARAD, WANAQ-QIHI MINAL-KHATÁYÁ KAMÁ NAQ-QAYTATH-THAWBAL ABYADHA MINAD-DANAS, WA ABDILHU DÁRAN KHAYRAN MIN DÁRIHÍ, WA AHLAN KHAYRAN MIN AHLIHÍ, WA ZAWJAN KHAYRAN MIN ZAWJIHI, WA ADKHIL-HUL JAN-NAH, WA A-IDH-HU MIN ADHÁBIL QABR, WA MIN ADHÁBIN NÁR".

(O Alláh! patawarin Mo po siya at kaawaan, pangalagaan at pagpaumanhinan siya. Pagbutihin Mo po at palawakin ang kanyang libingan. Hugasan siya ng tubig, niyebe at yelo. Dalisayin Mo po siya mula sa mga kasalanan tulad ng pagiging dalisay ng maputing damit sa mga karumihan. Pagkalooban Mo po siya ng tahanang mas maganda kaysa sa unang tahanan niya at pamilyang mas mabuti kaysa sa unang pamilya niya at asawang mas mabuti kaysa sa unang asawa niya. Papasukin Mo po siya sa paraiso at ilayo Mo po siya sa kaparusahan sa libingan at sa kaparusahan sa impiyerno)

٢- "اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِحَيِّنَا وَمَيِّتِنَا وَصَغِيرِنَا وَكَبِيرِنَا وَذَكَرْنَا وَأُنْتَنَا وَشَاهِدِنَا وَعَائِنَا  
اللَّهُمَّ مَنْ أَحْيَيْتَهُ مِنَّا فَأَحْيِهِ عَلَيَّ الْإِيمَانَ وَمَنْ تَوَفَّيْتَهُ مِنَّا فَتَوَفَّهُ عَلَيَّ الْإِسْلَامَ  
اللَّهُمَّ لَا تَحْرِمْنَا أَجْرَهُ وَلَا تُضِلَّنَا بَعْدَهُ"

2."ALLÁHUM-MAGHFIR LIHAYYÍNA WAMAYYÍTINA,  
WASAGÍRINÁ WAKABÍRINÁ, WADHAKARINÁ WA-  
UNTHÁNÁ, WASHÁHIDINÁ WAGÁ-IBINÁ"

"ALLÁHUM-MA, MAN AHYAYTAHU MINNÁ FA-  
AHYIHI ALAL-ISLÁM, WAMAN TAWAF-FAYTAHU  
MINNÁ FATAWAF-FAHU ALAL-ÍMÁN"

"ALLÁHUM-MA, LÁ TAHRIMNÁ AJRAHU WALÁ  
TUDHIL-LANÁ BA'DAHU"

(O Alláh! patawarin Mo po ang mga nabuhay at mga  
namatay sa amin. Patawarin Mo po ang mga  
nandirito at mga nangawala sa amin. Patawarin Mo  
po ang mga bata at matatanda sa amin. Patawarin

Mo po ang mga kalalakihan at mga kababaihan sa amin)

(O Alláh! sinuman ang pahintulutan Mong mabuhay sa amin, ay buhayin Mo po na siya'y nasa totoong landas ng Islam at sinuman ang bawian Mo ng buhay sa amin ay bawian Mo po na siya'y nasa totoong pananampalataya)

(O Alláh! huwag Mo pong ipagkait sa amin ang gantimpala sa kanya at huwag Mo pong hayaan na kami ay maligaw pagkaraan niya)

۳- "اللَّهُمَّ إِنَّ فُلَانًا بَنَ فُلَانًا فِي دِمَّتِكَ وَحَبْلِ حِوَارِكَ فَقِهِ مِنْ فِتْنَةِ الْقَبْرِ وَعَذَابِ النَّارِ وَأَنْتَ أَهْلُ الْوَفَاءِ وَالْحَقِّ اللَّهُمَّ فَاعْفِرْ لَهُ وَارْحَمْهُ إِنَّكَ أَنْتَ الْعَفُورُ الرَّحِيمُ"

3. "ALLÁHUM-MA IN-NA (banggitin ang pangalan ng patay) FÍ DHIM-MATIKA WAHABLI JIWÁRIKA FAQIHI MIN FITNATIL QABRI WA ADHÁBIN NÁRI WA ANTA AHLUL WAFÁ-I WALHAQ. ALLÁHUM-MA FAGH-FIR LAHU WAR-HAMHU IN-NAKA ANTAL GAFÚRUR RAHÍM"

## PAGHAHAHDA SA PATAY

(O Alláh! Tunay na si kuwan (banggitin ang pangalan ng patay) na anak ni kuwan (pangalan ng ama) ay nasa lyong pangangalinga at kasunduan ng lyong pangangalaga, kaya't pangalagaan Mo po siya mula sa mga pagsubok sa libingan at mula sa mga kaparusahan sa impiyerno. At Ikaw ang nagpapatupad ng mga pangako at ng katotohanan. O Alláh! Patawarin Mo po siya at kaawaan, katotohanan, Ikaw ang lubos na Mapagpatawad at Mapagpala)

٤- "اللَّهُمَّ أَنْتَ رَبُّهَا وَأَنْتَ خَلَقْتَهَا وَأَنْتَ هَدَيْتَهَا لِلْإِسْلَامِ وَأَنْتَ قَبَضْتَ رُوحَهَا  
وَأَنْتَ أَعْلَمُ سِرِّهَا وَعَلَانِيَتَهَا حَيْثُ كَانَ شُفَعَاءُ فَاعْفُ لَهُ"

4. "ALLÁHUM-MA ANTA RAB-BUHÁ, WA ANTA  
KHALAQTÁHÁ, WA ANTA HADAYTÁHÁ LIL-ISLÁM,  
WA ATA QABAD-TA RÚHAHÁ, WA ANTA A'LAMU  
BISIR-RIHÁ WA ALÁNIYATIHÁ, JI'NÁKA SHUFA'Á-A  
FAGHFIR-LAHU"

(O Alláh! Ikaw ang Panginoon niya, Ikaw ang  
Lumikha sa kanya, Ikaw ang naggabay sa kanya sa  
Islam, Ikaw ang kumuha ng buhay niya at Ikaw ang  
mas nakaaalam sa mga bagay na nakalingid at  
nakalantad sa kanya, naririto kami upang manalangin  
na siya ay patawarin Mo)

٥- "اللَّهُمَّ عَبْدُكَ وَأَبْنُ أُمَّتِكَ أَحْتَاجُ إِلَى رَحْمَتِكَ وَأَنْتَ غَنِيٌّ عَنْ عَذَابِهِ إِنْ كَانَ  
مُحْسِنًا فَزِدْ فِي حَسَنَاتِهِ وَإِنْ كَانَ مُسِيئًا فَتَجَاوَزْ عَنْهُ"

□

5. "ALLÁHUM-MA ABDUKA WABNU AMATIKA, IHTÁJA ILÁ RAHMATIKA WA ANTA GHANIY-YUN AN ADHÁBIHI IN KÁNA MUHSINAN FAZID FÍ HASANÁTIHI, WA IN-KÁNA MUSÍ-AN, FATAJÁWAZ AN-HU"

(O Alláh! Siya ay lyong alipin at anak ng lyong alipin, siya ay nangangailangan ng lyong habag at hindi Mo po kailangan ang kaparusahan sa kanya. Kung siya man ay naging mabuti dagdagan Mo po ang kanyang kabutihan at kung siya man ay hindi naging mabuti pagpaumanhinan Mo po siya)

6. Kung ang namatay ay bata, sabihin ang:

"اللَّهُمَّ اجْعَلْهُ سَلَفًا وَفَرَطًا وَأَجْرًا"

"ALLÁHUM-MAJ-AL-HU SALAFAN WA FARATAN WA AJRAN"

(O Alláh! Gawin Mo po siyang pauna sa amin, at tagapamagitan at kami ay gantimpalaan sa kanya)

O kaya ay piliin ang ikalawang panalangin.

E. ANG PAGLILIBING:

1. Ipinapahintulot ang paglilibing sa gabi, ngunit ipinagbawal ang paglilibing sa tatlong mga oras at ito ang mga oras na ipinagbabawal magsagawa ng Salah at nauna nang naipaliwanag ang tungkol dito.

2. Sunnah na palalimin ang libingan, at ang gawan ito ng Lahd<sup>11</sup> ay mas mainam kaysa sa gawan ng Shaq<sup>12</sup> at sabihin ang:

"بِسْمِ اللَّهِ، وَعَلَىٰ مِلَّةِ رَسُولِ اللَّهِ"

"BISMILLÁHI WA-ALA MIL-LATI RASÚLILLÁH"

(Sa ngalan ni Alláh, at ayon sa relihiyon ng Sugo ni Alláh)

---

<sup>11</sup> Ang Lahd ay ang ihukay ng nitso sa bandang-kanang bahagi ng loob ng libingan paharap sa Qiblah para ilagay dito ang bangkay.

<sup>12</sup> Ang Shaq ay ang humukay sa gintang bahagi ng loob ng libingan para ilagay dito ang bangkay.

At ilatag sa butas ang bangkay nang patagilid sa kanan na nakaharap ang buong katawan sa Qiblah at huwag tatanggalin ang takip sa kanyang mukha maliban kung siya ay namatay na nasa kondisyon ng Ihram<sup>13</sup>. Pagkatapos ay lagyan ito ng dingding<sup>14</sup> at tabunan ng lupa, magdakot ng lupa nang tatlong beses sa pamamagitan ng kamay at ibuhus ito at tabunan ng tuluyan, itaas ang puntod ng mga isang dangkal at pisikan ng tubig ang ibabaw nito.

3. Ipinagbabawal na magpatayo ng kahit anong bagay sa libingan (tulad ng paglalagay ng bubong o gawan mismo ng bahay), ang pagsisimento, pagtuntong sa ibabaw, ang pagsasagawa ng Saláh, ang pagtatayo ng Masjid, ang magtabar-ruk<sup>15</sup> at ang pagpapakalapit kay Alláh sa pamamagitan ng puntod.

4. Maaaring maglagay ng tanda upang malaman na ito ay libingan at huwag lamang susulatan ng kahit anong litra o numero.

---

<sup>13</sup> Nasa kasalukuyan ng pagsasagawa ng Umrah o Hajj)

<sup>14</sup> Bloke o di kaya'y silyar.

<sup>15</sup> Paghingi ng karagdagang kabutihan o pagpapala sa pamamagitan ng nakalibing sa puntod.



5. Ipinag-utos na tumayo pagkatapos mailibing ang patay upang manalangin para sa kanya na siya ay patatagin at patawarin.

#### PANGKALAHATANG ALITUNTUNIN HINGGIL SA PAKIKIRAMAY

1. Maging matatag sa panahon ng pagsubok at magtimpi, tanggapin ng maluwa ang mga bagay na ibinahagi ni Allah ﷻ.
2. Maaaring magdalamhati sanhi ng pagyao ng isang tao, ganoon din ang pagluha ng mga mata, ngunit ipinagbabawal ang Niyáhah<sup>16</sup> at pagpunit sa mga bulsa<sup>17</sup> at saktan ang mga pisngi at iba pang tulad nito na mga kaugalian noong kapanahunan ng kamang-mangan.

---

<sup>16</sup> *Ang pag-iyak na may boses at paulit-ulit na nagpapahiwatig ng hindi pagsang-ayon sa itinakda ni Allah ﷻ.*

<sup>17</sup> *At pagpunit sa mga damit.*

Kanais-nais na makiramay sa isang Muslim na namatayan at sabihin sa kanya ang:

"أَعْظَمَ اللَّهُ أَجْرَكَ وَأَحْسَنَ عَزَاءَكَ وَغَفَرَ لِمَيِّتِكَ وَإِنَّ لِلَّهِ مَا أَخَذَ وَلَهُ مَا أُعْطِيَ  
وَكُلُّ شَيْءٍ عِنْدَهُ بِأَجَلٍ مُّسَمًّى"

"A'DHAMALLÁHU AJRAK, WA AHSANA AZÁ-AKA,  
WAGAFARA LIMAY-YITIKA, WA IN-NA LILLÁHI MÁ  
AKHADHA, WALAHU MÁ A'TÁ, WAKUL-LU SHAY-IN  
INDAHU BI-AJALIN MUSAM-MÁ"

(Nawa'y dakilain ni Alláh ang iyong gantimpala, pagandahin Niya ang pag-aaliw sa pighati mo, at patawarin Niya ang iyong patay. Katotohanan, anumang kinuha ni Alláh ay Kanya at anumang Kanyang ibinigay ay Kanya at ang lahat ng bagay ay binigyan Niya ng taning)

At isasagot ng namatayan:

﴿اِسْتَجَابَ اللهُ دُعَاءَكَ وَرَحِمَنَا اللهُ وَاَبَاكَ﴾

"ISTAJÁBALLÁHU DU-A-AKA WA  
RAHIMANALLÁHU WA IYYÁKA"

(Nawa'y tanggapin ni Alláh ang panalangin mo at nawa'y ang habag Niya ay mapasaamin at ganoon din sa iyo)

At si Allah ang Nagkakaloob at Siya ang Tagapaggabay sa tuwid na landas, nawa'y pagpalain at pangalagaan ni Allah ang ating Propeta na si Muhammad at ang kanyang mag-anak at mga kasamahan.

# تجهيز الملت

إعداد فضيلة الشيخ  
عبد العزيز بن أحمد العمير  
القاضي بالمحكمة الكبرى في القطيف

المترجم باللغة الفلبينية  
ثمين الدين منشأوي

